

Ang Pananaw ng Lungsod ng Nagoya sa Pagsusulong ng Lokal na Edukasyon sa Wikang Hapon 2025-2029 Buod


Panimula

Ang Lungsod ng Nagoya ay naglalayon na maging isang "multicultural city" kung saan ang mga tao mula sa iba't ibang nasyonalidad, etnisidad, atbp. ay maaaring mamuhay nang masaya at magkasama. Upang makamit ito, tinipon namin ang mga ideya at hakbang para mapabuti ang kapaligiran sa pag-aaral ng wikang Hapon.

Kabanata 1 Kasalukuyang Kalagayan at Hamon ng Lokal na Edukasyon sa Wikang Hapon


1 Sitwasyon ng mga dayuhang residente (mula sa "Mga istatistika sa mga dayuhang residente" (sa katapusan ng 2023))

Maraming dayuhan mula sa maraming bansa at rehiyon ang nakatira sa Lungsod ng Nagoya. Ang bilang ng mga dayuhang residente ay tumataas taon-taon, at umabot sa pinakamataas na bilang nito sa katapusan ng 2023. Inaasahang patuloy itong tataas sa hinaharap.



2 Sitwasyon ng pag-aaral ng wikang Hapon ng mga dayuhang residente (mula sa "Talatanungang Survey tungkol sa Pag-aaral ng Wikang Hapon")


Mas maraming tao ang sumagot na sila ay "kasalukuyang nag-aaral" kaysa sa nakaraang survey.



Karanasan sa Pag-aaral ng Wikang Hapon

Tungkol sa kasanayan sa wikang Hapon, ang porsyento ng mga tao na nasa nangungunang tatlong antas ay hindi gaanong nagbago.

(Ang graph sa ibaba ay para sa "pakikinig," ngunit pareho rin ang resulta para sa "pagsasalita," "pagbabasa," at "pagsusulat.")



Kasanayan sa Wikang Hapon (Pakikinig)

Bagaman unti-unting nagkakaroon ng oportunidad ang mga taong nais matuto ng wikang Hapon, wala pa tayo sa estado na ating inaasam. Kaya naman, patuloy na pagbubutihin ng Lungsod ng Nagoya ang kapaligiran sa pag-aaral ng wikang Hapon sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:

1 Layunin ng Lokal na Edukasyon sa wikang Hapon para sa Rehiyon

Sa pamamagitan ng pagbibigay-daan sa mga dayuhang residente at mga Hapon na makipag-usap sa wikang Hapon sa loob ng lipunang Hapon, isang symbiotic society (isang lipunan kung saan ang mga tao mula sa iba't ibang kultura ay magkakasamang namumuhay) ay malilikha sa iba't ibang lugar ng Nagoya.

- Ang mga dayuhang residente ay naninirahan sa pamamagitan ng kanilang sariling kakayahan sa loob ng lokal na komunidad.
- Ang mga dayuhang residente ay aktibo sa lokal na komunidad at nakikilahok sa lipunan.
 - Sa pamamagitan ng madalas na pakikipag-usap, mas naiintindihan ng mga dayuhang residente at Hapon ang isa't isa at namumuhay sila nang magkakasama sa loob ng lipunan.
- Ang mga dayuhang residente ay mag-aaral ng wikang Hapon, at ang mga Hapon ay kakausapin sila gamit ang "Madaling Japanese" (wikang Hapon na madaling maintindihan ng mga dayuhang residente).

2 Mga Ideya na Binibigyang-Pansin sa Lokal na Edukasyon sa Wikang Hapon

Bibigyan namin ang mga dayuhang residente na gustong matuto ng Wikang Hapon ng pagkakataong matutunan ang "wikang Hapon na kailangan para sa pang-araw-araw na buhay."

*Habang nag-aaral ng "wikang Hapon na kailangan para sa pang-araw-araw na buhay," matututunan din nila ang tungkol sa lipunang Hapon at iba pang mga bagay na kailangan para sa pang-araw-araw na buhay.

3 Ang Antas ng Kasanayan sa Wikang Hapon na Nais ng Lungsod ng Nagoya na Maabot ng mga Dayuhang Residente

Antas kung saan maaari silang lumahok sa lipunan gamit ang wikang Hapon sa tulong ng mga tao sa paligid (Ang tulong ng mga tao sa paligid: paggamit ng "Madaling Japanese" at mabagal na pagsasalita, atbp.)

- Kung kakausapin sila sa Madaling Japanese, mauunawaan nila ang mga tanong o ang sinasabi ng iba.
- Nakakasagot sila sa mga simpleng tanong gamit ang mga salita. Kung hindi nila ito naiintindihan, maaari nilang hilingin na ulitin ito o magsalita nang mas mabagal. Maaaring magtanong ng mga simpleng katanungan tulad ng lokasyon.
- Kung nakasulat sa paraang madaling maintindihan ng mga dayuhan, mauunawaan nila ang kahulugan ng mga salita at pangungusap na madalas nilang nakikita sa kanilang pang-araw-araw na buhay.
- Gamit ang 50-sound chart o diksyunaryo, at sa tulong ng mga tao sa paligid, maaari silang gumawa ng maikling teksto tulad ng sulat.

4 Mga Dayuhang Residente na partikular na Nangangailangan ng Lokal na Edukasyon sa Wikang Hapon

Mga Dayuhang Residente sa Japan na Hindi pa Nakakaabot sa Antas ng Kasanayan sa Wikang Hapon na Nais Naming Makamit Nila

- ▼ Mga taong gustong matuto ng Wikang Hapon ⇒ Maaari silang magkaroon ng pagkakataong matuto ng wikang Hapon
- ▼ Mga taong ayaw matuto ng wikang Hapon ⇒ Mauunawaan nila na ang pag-aaral ng wikang Hapon ay mahalaga.

Makikipagtulungan kami sa iba't ibang tao at organisasyon upang magdagdag ng mga lugar para sa pag-aaral ng wikang Hapon at magsanay ng mga tao sa pagtuturo ng wikang Hapon.

Magbibigay din kami ng impormasyon sa pag-aaral ng wikang Hapon upang maraming tao ang matuto ng Wikang Hapon.

1. Gagawa kami ng mga lugar at oportunidad para sa pag-aaral ng wikang Hapon

Halimbawa... Tumulong sa paglutas ng mga problema sa mga klase para sa wikang Hapon

Gumawa ng mga bagong klase na naaayon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral, atbp.

2. Dadagdagan at pauunlarin namin ang mga taong nakikibahagi sa lokal na edukasyon sa wikang Hapon.

Halimbawa... Dagdagan ang bilang ng mga taong nagtuturo ng wikang Hapon

Tutulungan ang mga tagapagturo ng wikang Hapon na ipagpatuloy ang kanilang mga aktibidad sa mahabang panahon, atbp.

3. Mangangalap at mamamahagi kami ng impormasyon tungkol sa lokal na edukasyon sa wikang Hapon

Halimbawa... Mangalap ng impormasyon tungkol sa mga klase para sa Wikang Hapon

Gawing posible ang paghahanap ng mga klase para sa wikang Hapon sa Internet, atbp.

4. Ipapahayag namin sa mga dayuhang residente ang kahalagahan ng pag-aaral ng wikang Hapon

Halimbawa... Ipahayag ang kahalagahan ng kakayahang gumamit ng wikang Hapon sa pang-araw-araw na buhay

Mag-isip ng mga kaganapan na magtutulak sa mga tao na matuto ng wikang Hapon, atbp.

5. Ipapaunawa namin sa mga mamamayang Hapon ang tungkol sa edukasyon sa wikang Hapon para sa mga dayuhang residente

Halimbawa... Ipahayag ang sitwasyon ng mga dayuhang residente sa mga mamamayang Hapon

Ipagamit ang "Madaling Japanese" para sa mga pagproseso sa mga ahensya ng gobyerno, atbp.

6. Lilikha kami ng isang sistema para sa pagpapabuti ng kapaligiran ng pag-aaral ng wikang Hapon

Halimbawa... Lumikha ng isang lugar kung saan pakikilingan ang mga opinyon mula sa mga dayuhan at mga taong may kaalaman tungkol sa pag-aaral ng wikang Hapon

Gawing mas epektibo ang kapaligiran sa pag-aaral ng wikang Hapon sa mga ahensya ng gobyerno sa kabuuan, atbp.

1 Sistema ng Pagsusulong

Makikipagtulungan kami sa mga sumusunod na tao at organisasyon upang mapabuti ang kapaligiran sa pag-aaral ng wikang Hapon.

1. Mga ahensya ng bansa, Aichi Prefecture, Lungsod ng Nagoya, atbp.
2. Nagoya International Center
3. Mga organisasyong nagpapatakbo ng mga klase para sa Wikang Hapon
4. Mga organisasyong nagtataguyod ng multikultural na pagkakaisa at sumusuporta sa mga dayuhan
5. Mga paaralan para sa wikang Hapon at institusyong nagbibigay ng pagsasanay sa mga tagapagturo ng wikang Hapon sa mga paaralan
6. Mga kumpanya at unibersidad
7. Mga asosasyon ng kapitbahayan/samahan ng mga residente
8. Mga tao/grupo na interesado sa edukasyon sa wikang Hapon, mga dayuhang residente, atbp.

2 Pagsukat ng Resulta

Layunin naming mapabuti ang porsyento ng mga sumusunod na bilang sa buong Lungsod ng Nagoya.

Aytem	Fiscal Year 2024
Kasanayan sa wikang Hapon (pakikinig) ng mga dayuhang residente Porsyento ng sumagot ng "Nakakaunawa kung ano ang sinasabi ng isang tao kahit pa mabagal siyang magsalita " o mas mataas na antas	81.5%
Kasanayan sa wikang Hapon (pagsasalita) ng mga dayuhang residente Porsyento ng sumagot ng "Nakakaunawa ng pang-araw-araw na pag-uusap " o mas mataas na antas	74.9%
Kasanayan sa wikang Hapon (pagbabasa) ng mga dayuhang residente Porsyento ng sumagot ng "Nakakabasa at nakakaunawa ng mga abiso, polyeto, talaorasan ng byahe ng tren o gabay at makuha ang kailangang impormasyon" o mas mataas na antas	65.7%
Kasanayan sa wikang Hapon (pagsusulat) ng mga dayuhang residente Porsyento ng "Nakakasulat ng mga simpleng tama o memo sa mga kasamahan o kapamilya para magpahayag sa kanila ng mahalagang bagay" o mas mataas na antas	65.9%
Porsyento ng mga dayuhang residente na gustong mag-aral at kasalukuyang nag-aaral	40.7%

Ang Pananaw ng Lungsod ng Nagoya sa Pagsusulong ng Lokal na Edukasyon sa Wikang Hapon 2025-2029 (Pebrero 2025)

International Relations Division, Tourism & Exchange Department, Bureau of Tourism, Culture & Exchange, City of Nagoya

Public Interest Incorporated Foundation, Nagoya International Center, Business Division

TEL: 052-972-3061

Email: a3061@kankobunkakoryu.city.nagoya.lg.jp